

Material Safety Data Sheet

1. Impormasyon sa Mga Kemikal, atbp. at Kumpanya

Pangalan ng Produkto	Pencuci Perindustrian
Modelo	HYPER CLEAN EE-6310
Sanggunian Blg.	PW9116U5P002
Gumawa ng Produkto	
Pangalan ng	Olympus Corporation
Address	Sales Planning Dept, Sales 2 2-3-1 Nishi-Shinjuku, Shinjuku-ku, Tokyo Shinjuku-Monolith
Telepono	+81-3-6901-9341
FAX	+81-3-3340-2590
E-Mail Address	opto-m@ot.olympus.co.jp
Tagapagtustos	
Pangalan ng	OLYMPUS (Thailand) CO., Ltd
Address	Optical Measuring Instruments Department 159 Sermmit Tower, 9th floor, unit# 906-910 Sukhumvit 21 road, North Klongtoey, Wattana, Bangkok 10110, Thailand
Telepono	+662-260-2730
FAX	+662-260-6600
E-Mail Address	info_OMI@olympus-thai.co.th
Mga Rekomendadong Paggamit at Mga Limitasyon sa Paggamit	Panlinis na Likido para sa Mga Optical na Bahagi at Mga Eksaktong Bahagi

2. Buod ng Mga Peligro

GHS Classification

Mga Peligrong Pisikal at Kemikal	Napakadaling Lumiyab na Likido Klasipikasyon 2 Hindi Klasipikado bilang Biglaang Sumisiklab na Likido (Spontaneous Ignition Liquid) Hindi Klasipikado bilang Kemikal na Sumisira ng Metal (Metal Corrosive Substance)
Mga Peligrong Pangkalusugan	Malubhang Pinsala sa Mata / Mahapdi sa Mata Class 2A Mutagenicity para sa Reproductive Cells Class 1B Pagiging Nakakakanser Class 2 Mga Epekto sa Pagkakaroon ng Anak Class 1A Pagiging Nakalalason sa Tukoy na Target Organ (Minsanang Pagkalantad) Class 3 Iritasyon sa Daanan ng Hininga Pagiging Nakalalason sa Tukoy na Target Organ (Minsanang Pagkalantad) Class 3 (Nakamamanhid na Epekto) Pagiging Nakalalason sa Tukoy na Target Organ (Maramihang Pagkalantad) Class 1 (Atay) Pagiging Nakalalason sa Tukoy na Target Organ (Maramihang Pagkalantad) Class 2 (Nerbiyos) Pinsala sa Paghinga nang Malalim sa Mga Organ sa Paghinga Class 1.
Mga Peligrong Pangkapaligiran	Matitinding Peligro para sa Tubig na Kapaligiran Class 3 Ang mga panganib na hindi ipinapakita sa itaas ay maaaring hindi target o hindi mabibigyan ng klasipikasyon.

Simbolo ng Elemento ng Etiketang GHS



Babalang salita	Panganib
Impormasyon sa Panganib at Peligro	Napakadaling Lumiyab na Likido at Vapor Napakahapdi sa Mata May Panganib na Magkaroon ng Genetic na Sakit Maaaring May Panganib na Magdulot ng Kanser May Panganib na Magkaroon ng Pinsala sa Pagkakaroon ng Anak at Mga Fetus May Panganib na Magkaroon ng Iritasyon sa Paghinga May Panganib na Magkaroon ng Pagkaantok at Pagkahilo Pinsala sa Atay sa Pangmatagalan o Paulit-ulit na Pagkakalantad May Panganib na Magkaroon ng Pinsala sa Nerbiyos sa Pangmatagalan o Paulit-ulit na Pagkakalantad Maaaring makamatay kung lulunukin o lalanghapin Mapaminsala sa mga nilalang na nabubuhay sa tubig

Mga Dapat Ingatan	
Mga Pamamaraang Pangkaligtasan	<p>Laging kunin ang Manwal ng Tagubilin (Instruction Manual) bago gamitin.</p> <p>Basahin ang lahat ng dapat ingatan na pangkaligtasan at ganap na unawain ang mga ito bago gamitin ang produkto.</p> <p>Ilayo mula sa mga pinagmumulan ng pagsiklab gaya ng init, spark, o lantad na apoy. Huwag manigarilyo kapag ginagamit ang produkto.</p> <p>Gumamit ng mga de-kuryenteng kasangkapang hindi sumasabog, mga bentilador, ilaw, atbp.</p> <p>Gumamit ng mga kagamitan na hindi lumilikha ng spark.</p> <p>Magsagawa ng mga pamamaraang pangkaligtasan upang ma-discharge ang static na kuryente.</p> <p>I-ground ang lalagyan. Gumamit ng grounding wire.</p> <p>Panatilihin sa preskong lugar.</p> <p>Panatilihing mahigpit na nakasara ang lalagyan.</p> <p>Gamitin sa labas ng bahay o gusali ang produkto o sa isang lugar na maganda ang daloy ng hangin.</p> <p>Huwag langhapin ang mist, vapor, o spray.</p> <p>Magsuot ng pamprotektang guwantes, pamprotektang salamin sa mata at pamprotektang takip sa mukha (mask).</p> <p>Gumamit ng naitalagang indibidwal na kasangkapang pamprotekta.</p> <p>Hugasan mabuti ang iyong mga kamay matapos gamitin ang produkto.</p> <p>Huwag kumain, uminom, o manigarilyo kapag ginagamit ang produkto.</p> <p>Iwasang ma-discharge ang produkto sa kapaligiran.</p>
Mga Pang-emergency na Pamamaraang Medikal	<p>Sakaling magkasunog, gamitin ang wastong fire extinguisher.</p> <p>Kung nalanghap ang spray, dalhin ang biktima sa may sariwang hangin at panatilihin siya sa pahingang posisyon na maluwag sa paghinga.</p> <p>Kung dumikit sa balat o buhok ang produkto, agad na alisin ang anumang kontaminadong kasuotan at hugasan ang balat o buhok ng dumadaloy na tubig o shower.</p> <p>Kung dumikit sa mata ang produkto, hugasan mabuti sa loob ng ilang minuto. Kapag gumagamit ng contact lens at madaling naalis ang ito, alisin ang mga ito at patuloy na hugasan ang mga mata.</p> <p>Kung nalunok ang produkto, agad na makipag-ugnayan sa doktor.</p> <p>Kung patuloy ang iritasyon ng mga mata, magpatingin sa doktor para sa pagsusuri at paggamot.</p> <p>Sakaling malantad o takot na malantad, magpatingin sa doktor para sa pagsusuri at paggamot.</p> <p>Kung hindi maganda ang pakiramdam matapos gamitin ang produkto, magpatingin sa doktor para sa pagsusuri at paggamot.</p> <p>Huwag piliting sumuka.</p>
Pagtatabi	<p>Itabi sa lugar na presko, maganda ang daloy ng hangin.</p> <p>Itabi ang produkto sa isang nakakandadong lugar.</p> <p>Panatilihing mahigpit na nakasara ang lalagyan at itabi ito sa isang lugar na maganda ang daloy ng hangin.</p>

Pagtatapon	Ang mga nilalaman, kung itatapon mo ang mga lalagyan, alinsunod sa mga lokal na batas, at wastong pagtatapon.
Mahahalagang Panganib at Peligro	Napakadaling lumiyab na likido ang produkto at bumubuo ng sumasabog na halo sa hangin. May panganib na magkaroon ng mga genetic na sakit, magdulot ng kanser, mapaminsalang epekto sa mga reproductive organ o fetus, at atay at mga problema sa nerbiyos sa pangmatagalan o paulit-ulit na pagkakalantad. May panganib na mapinsala ang atay, gaya ng kemikal na pulmonya, kung aksidenteng malunok ang produkto.

3. Impormasyon sa Pagkakabuo at Mga Sangkap

Klasipikasyon ng Kemikal o Halo	Halo
Pangalan ng Kemikal o Pangkalahatang Pangalan	Panlinis na likido na gawa sa hydrocarbon

Pangalan ng Kemikal o Pangkalahatang Pangalan	Konsentrasyon o Hanggang Saan ang Konsentrasyon	CAS No.	Philippines, Inventory of Chemicals and Chemical Substances (PICCS)
2-Methyl Pentane	80-85%	107-83-5	Pentane, 2-methyl-
3- Methyl Pentane		96-14-0	Pentane, 3-methyl-
2,2 Dimethyl Butane		75-83-2	Butane, 2,2-dimethyl-
2,3 Dimethyl Butane		79-29-8	Butane, 2,3-dimethyl-
Normal Hexane	<4.2%	110-54-3	Hexane
Ethanol	13-14%	64-17-5	Ethanol
1-Propanol	1-2%	71-23-8	1-Propanol
Propane - 2 - ol	<0.80%	67-63-0	2-Propanol

Mga Hindi Bahagi ng Sangkap (impurities) at Mga Stabilizer Additive na Nakapagbibigay ng Klasipikasyon	Walang Impormasyon
--	--------------------

4. Mga Pang-emergency na Pamamaraan

Kung malanghap ang produkto	Ilipat ang biktima sa may sariwang hangin at panatilihin siya sa pahingang posisyon na maluwag sa paghinga. Magpasuri at magpagamot sa doktor.
Kung madikit ang produkto sa balat	Agad na hugasan ang balat. Magpasuri at magpagamot sa doktor.
Kung lumapat ang produkto sa mga mata	Hugasan mabuti ng tubig sa loob ng ilang minuto. Kung nagsusuot ng contact lens at madaling naalis ang mga ito, alisin ang mga ito, at patuloy na hugasan ang mga mata. Kung patuloy ang iritasyon ng mga mata, magpatingin sa doktor para sa pagsusuri at paggamot. Magpasuri at magpagamot sa doktor.
Kung malunok ang produkto	Agad na makipag-ugnayan sa doktor. Huwag hayaang sumuka ang biktima. Banlawan ang bibig. Magpasuri at magpagamot sa doktor.
Inaasahang matitinding sintomas at mga naantalang sintomas	[Matitinding Sintomas] Kung lumapat ang produkto sa mata, maaaring mamula at kumiro ang mata. Kung malanghap ang vapor, maaaring mairita nito ang daanan ng hininga at maaaring magdulot ng pagkaantok o pagkahilo.
Proteksiyon ng taong nagsasagawa ng pang-unang lunas	Dahil napakadaling lumiyab ng produkto, mag-ingat sa apoy kapag nanggagamot sa site.

5. Mga hakbang na gagawin sakaling magkasunog

Mga Pang-apula ng Apoy	Para sa maliit na apoy, gumamit ng mga dry powder chemical, carbon dioxide, water spray o karaniwang foam Para sa malaking apoy, gumamit ng water spray, water mist o karaniwang foam na fire extinguisher.
Mga pang-apula ng apoy na hindi dapat gamitin	Pagpapalawa ng tubig
Mga Tukoy na Panganib at Peligro	Lubhang napakadaling lumiyab. Madaling pasiklabin ng init, spark, o apoy. May panganib na sumabog kung paiinitin ang lalagyan. May panganib na lumikha ng gas na nakakairita, nakasisira at/o nakalalason. May panganib na sumabog ang vapor sa loob o labas ng bahay o gusali, o sa mga kanal.
Espesyal na paraan ng pag-apula ng apoy	Lubhang napakababa ng temperatura ng pagsiklab. Para sa malaking apoy kung saan ang pag-apula ng apoy ay nangangahulugang hindi epektibo ang iba pang paraan maliban sa pag-spray ng tubig, mag-spray ng tubig. Kung hindi delikado, ilipat ang mga lalagyan palayo mula sa lugar ng apoy. Isagawa ang pag-apula ng apoy mula sa pinakamalayong epektibong distansiya, at gumamit ng mga awtomatikong hose holder at mga nozzle na may monitor sa pag-apula ng apoy. Para sa malaking apoy, isagawa ang pag-apula ng apoy gamit ang mga awtomatikong hose holder at mga nozzle na may monitor. Kung hindi ito posible, humanap ng ligtas na lugar, at hayaang masunog ang mga lalagyan. Gumamit ng maraming tubig upang palamiging mabuti ang mga lalagyan, kahit pa napatay na ang apoy.
Proteksiyon para sa (mga) taong nag-aapula ng apoy	Kapag nag-aapula ng apoy, magsuot ng air respirator at pamprotektang kasuotan laban sa mga kemikal.

6. Mga isinagawang hakbang para sa tagas

Mga dapat ingatan para sa katawan, kasangkapang pamprotekta, at mga pang-emergency na pamamaraan	<p>Huwag hipuin o lakaran ang anumang tumagas.</p> <p>Agad na ihiwalay ang lugar na pinagtagasan na may wastong layo sa lahat ng direksiyon.</p> <p>Limitahan ang access na para lamang sa mga awtorisadong tauhan.</p> <p>Dapat na magsuot ng wastong kasangkapang pamprotekta ang mga manggagawa (Sumangguni sa 8. Mga Pamamaraan Upang Maiwasang Malantad at Mga Pamprotektang Pamamaraan), iwasang lumapat sa mga mata at balat, at iwasang malanghap.</p> <p>Manatili sa lugar na kung saan papalayo sa iyo ang hangin mula sa sunog.</p> <p>Lumayo sa mababang lugar.</p> <p>Pahanginan ang saradong lugar bago pasukin ito.</p>
Mga dapat ingatan na may kinalaman sa kapaligiran	<p>Huwag i-discharge sa kapaligiran ang tumagas.</p> <p>Ingatan na hindi ma-discharge ang tagas sa mga ilog, na magdudulot ng mga problema sa kapaligiran.</p>
Pag-recover at Pag-neutralize	<p>Para sa kaunti, ipasipsip ang tumagas sa tuyong lupa, buhangin, o isa pang hindi nasusunog na materyal o takpan ang tumagas, at i-recover ito sa mga mahigpit na naisasarang lalagyan. Itapon ang na-recover na materyal sa susunod.</p> <p>Kung kaunti ang tumagas, tipunin ang nasisipsip na materyal gamit ang malilinis, anti-static na kagamitan.</p> <p>Kung marami ang tumagas, palibutan ng kanal ang lugar upang maiwasan ang pagkalat. Matapos maidirekta ang tumagas sa isang ligtas na lugar, isagawa ang pag-recover.</p> <p>Kung marami ang tumagas, pabababain ng spray na tubig ang konsentrasyon ng vapor. Gayunman, sa higit na kulob na lugar may panganib na hindi epektibong mapigilan ang pagiging maliyab ng produkto.</p>
Mga Pamamaraan sa Pagpigil sa Tagas at Pag-aalis ng Impurities at Mga Kasangkapan	<p>Kung walang anumang panganib sa sitwasyon, pigilin ang pagtagas.</p> <p>Huwag gamitin ang lahat ng kasangkapan na ginamit sa pag-asikaso sa tumagas.</p> <p>Gumamit ng foam na pumipigil sa vapor upang mabawasan ang konsentrasyon ng vapor.</p>
Mga Pamamaraan Upang Maiwasan ang Mga Pangalawang Sakuna	<p>Agad na alisin ang lahat ng pinagmumulan ng pagsiklab. (Ipagbawal ang paninigarilyo ang paggamit ng mga spark at apoy sa malapit.)</p> <p>Iwasan ang pagdaloy sa mga kanal ng maruming tubig, imburnal, basement at mga kulob na lugar.</p>

7. Mga Dapat Ingatan sa Paggamit at Pagtatabi

Paggamit	Mga Teknikal na Pangontra	Isagawa ang mga pamamaraan ng pasilidad na inilarawan sa 8. Mga Pamamaraan Upang Maiwasang Malantad at Mga Pamprotektang Pamamaraan at magsuot ng kasangkapang pamprotekta.
	Lokal na Exhaust at Pangkalahatang Bentilasyon	Gumamit ng mga lokal na pamamaraan sa exhaust at pangkalahatang bentilasyon na inilarawan sa 8. Mga Pamamaraan Upang Maiwasang Malantad at Mga Pamprotektang Pamamaraan.
	Mga Bagay na Dapat Ingatan na May Kinalaman sa Ligtas na Paggamit	Kunin ang Manwal ng Tagubilin (Instruction Manual) bago gamitin.
		<p>Basahin ang lahat ng dapat ingatan na pangkaligtasan at ganap na unawain ang mga ito bago gamitin ang produkto.</p> <p>Ipagbawal ang paggamit ng napakainit na materyal, spark at apoy malapit sa produkto.</p> <p>Hindi dapat itumba, ibagsak, ibangga o hilahin ang mga lalagyan.</p> <p>Huwag hawakan, langhapin o lunukin ang produkto.</p> <p>Gumamit ng exhaust na bentilasyon upang mapanatiling wala pa sa limit ng pagkalantad ang konsentrasyon sa hangin.</p> <p>Huwag langhapin o lunukin ang produkto.</p> <p>Hugasan mabuti ang iyong mga kamay matapos gamitin ang produkto.</p> <p>Gamitin sa labas ng bahay o gusali ang produkto o sa isang lugar na maganda ang daloy ng hangin.</p> <p>Huwag kumain, uminom, o manigarilyo kapag ginagamit ang produkto.</p> <p>Iwasang ma-discharge ang produkto sa kapaligiran.</p>
	Iwasang madikit	Sumangguni sa 10. Stability at Kakayahang Magdulot ng Reaksiyon.

Pagtatabi	Mga Teknikal na Pangontra	<p>Tiyakin na ang imbakan ng produkto ay may kayariang hindi nasusunog para sa mga pader, haligi, at sahig. Dapat na yari sa hindi nasusunog na materyal ang mga beam.</p> <p>Ang bubungan ng imbakan ng produkto ay dapat na yari sa hindi nasusunog na materyal at natatakpan ng magagaang bagay na hindi nasusunog, gaya ng yero. Dapat na walang kisame.</p> <p>Ang sahig ng imbakan ng produkto ay dapat na may kayariang pipigil sa tubig na pumasok o tumagos sa sahig.</p> <p>Ang sahig ng imbakan ng produkto ay dapat na may kayariang pipigil sa mga mapanganib na kemikal na tumagos at dapat na may angkop na pababang anggulo ng sahig (slope) at kanal upang mapanatiling doon lamang ang tagas.</p> <p>Ang imbakan ng produkto ay dapat na may angkop na ilaw, liwanag, at bentilasyon para sa pagtatabi at paggamit ng mga mapanganib na kemikal.</p>
	Peligrosong kemikal kapag naihalo	Sumangguni sa 10. Stability at Kakayahang Magdulot ng Reaksiyon.
	Mga Kondisyon sa Pagtatabi	<p>Itabi sa pamamagitan ng paglalayo mula sa mga pinagmumulan ng pagsiklab gaya ng init, spark, o lantad na apoy. Hindi pinapayagan ang paninigarilyo malapit sa</p> <p>Itabi ang lalagyan na malayo mula sa mga oxidant.</p> <p>Ilayo ang mga lalagyan mula sa sikat ng araw at apoy</p> <p>Panatilihing mahigpit na nakasara ang mga lalagyan, at itabi sa isang lugar na presko, maganda ang daloy ng hangin.</p> <p>Itabi ang produkto sa isang nakakandangong lugar.</p>
	Materyales ng pagkakabalot ng lalagyan	Gumamit ng mga lalagyan na naitakda sa mga batas ng UN sa pagbibiyaha.

8. Mga Pamamaraan Upang Maiwasang Malantad at Mga Pamprotektang Pamamaraan

	Kontrol na Konsentrasyon	Pinapayagang konsentrasyon (Exposure Limit Value Biological Exposure Index)	
		Philippines. OELs. *	ACGIH 2009 Edition
2-Methyl Pentane	Hindi alam	Hindi alam	TWA 500 ppm STEL 1000 ppm
3- Methyl Pentane	Hindi alam	Hindi alam	TWA 500 ppm STEL 1000 ppm
2,2-Dimethyl Butane	Hindi alam	Hindi alam	TWA 500 ppm STEL 1000 ppm
2,3 Dimethyl Butane	Hindi alam	Hindi alam	TWA 500 ppm STEL 1000 ppm
Normal Hexane	40 ppm	Ang 8-oras na TWA: 500 ppm (1800 mg/m ³)	TWA 50 ppm (Balat)
Ethanol	Hindi alam	Ang 8-oras na TWA: 1000 ppm (1900 mg/m ³)	TWA 1000 ppm
1-Propanol	Hindi alam	Ang 8-oras na TWA: 200 ppm (500 mg/m ³)	TWA 100 ppm
Propane - 2 - ol	200 ppm	Ang 8-oras na TWA: 400 ppm (980 mg/m ³)	TWA 200ppm STEL 400ppm

* Mga Threshold Limit Value para sa Mga Contaminant na Dala ng Hangin (Rule 1070: Occupational Health and Environmental Control, Table 8, Dec 1997)

Mga Pangontra sa Pasilidad

Gumamit ng mga kasangkapang de-kuryente na hindi sumasabog, nagbibigay ng hangin at liwanag.

Magsagawa ng mga hakbang upang maiwasan ang pag-discharge ng static na kuryente.

Maglagay ng kasangkapang panghugas ng mata at mga shower na pangkaligtasan sa pinagtatrabahuan kung saan itinatahi o hinahawakan ang produkto.

Para sa paggamit sa lugar na napakainit, maglagay ng kasangkapang nagbibigay ng hangin upang mapanatiling wala pa sa kontrol na konsentrasyon ang antas ng contaminant sa hangin at ang pinapayagang konsentrasyon sakaling magkaroon ng vapor, fume at mist sa proseso ng paggamit.

Kasangkapang Pamprotekta	Pamprotektang kagamitan sa	Gumamit ng indibidwal na mga pamprotektang kagamitan sa paghinga, ayon sa kinakailangan.
	Proteksiyon sa kamay	Magsuot ng pamprotektang guwantes.
	Proteksiyon sa Mata	Magsuot ng kasangkapang pamprotekta sa mata. Pamprotektang salamin sa mata (ordinaryong salamin sa mata, ordinaryong salamin sa mata na may mga side plate, mala-goggle na salamin sa mata).
	Proteksiyon sa balat at katawan	Magsuot ng kasangkapang pamprotekta para sa mukha. Gumamit ng indibidwal na pamprotektang kasuotan at pamprotektang takip sa mukha (mask), gaya ng kinakailangan.

Mga Pamamaraang Pang-sanidad

Hugasan mabuti ang iyong mga kamay matapos gamitin ang produkto.

9. Mga Katangiang Pisikal at Kemikal

Mga Pisikal na Kondisyon	Anyo	Likido
	Kulay	Walang Kulay at transparent
	Amoy	Kakaibang amoy
	pH	Walang Data
Temperatura ng Pagkatunaw at Temperatura ng Pagyelo		≤ -30 deg C (Temperatura ng Pagyelo)
Temperatura ng Pagkulo, Panimulang Temperatura ng Pagkulo, at Saklaw na		58 deg C (Temperatura ng Pagkulo)
Flash Point		-28.5 deg C. (Parang ng Pagsukat: Mahigpit na Nakasara)
Saklaw ng Pagliyab o Pagsabog	Mababang Limit	1.2 vol%
	Mataas na Limit	8.2 vol%
Presyon ng Vapor (Vapor Pressure)		31.2 kPa (25 deg C)
Kapal ng Vapor (Hangin = 1)		2.63
Specific Gravity (Kapal)		0.67 (26 deg C)
Kakayahang Matunaw		Hindi natutunaw sa tubig
Octanol (Water Distribution Coefficient)		Walang Data
Temperatura ng Biglaang Pagsiklab		≥ 200 deg C
Temperatura ng Decomposition		Walang Data
Bilis ng Pagsingaw sa Hangin (Butyl Acetate = 1)		Walang Data
Kakayahang Masunog (Solido at Gas)		Hindi naaangkop
Lapot		Walang Data
Coefficient ng Kinematic Viscosity		Walang Data
Mababang Limit ng Konsentrasyon para sa		Walang Data
Pinakamababang Enerhiya Para Sumiklab		Walang Data
Volume Resistivity (Conductance)		Walang Data
Iba pa		Walang Data

10. Stability at Kakayahang Magdulot ng Reaksiyon

Stability	Hindi nagbabago sa mga normal na kondisyon ng paggamit
Posibilidad ng Mga Peligroso at Mapaminsalang Reaksiyon	Walang mapanganib na reaksiyon kung gagamitin at itatabi gaya ng tinukoy.
Mga kondisyong dapat iwasan	Mga pinagmumulan ng pagsiklab, gaya ng init, spark, at lantad na apoy.
Peligrosong kemikal kapag naihalo	Mga oxidant
Mga peligroso at mapaminsalang materyales ng decomposition	Mga gas na nalikha ng sunog, gaya ng carbon monoxide, carbon dioxide, atbp.

11. Impormasyon sa Pagiging Nakalalason

Matinding Makalason	Oral	Hindi mabibigyan ng klasipikasyon dahil sa kawalan ng data.
	Percutaneous	Hindi mabibigyan ng klasipikasyon dahil sa kawalan ng data.
	Paglanghap (Vapor)	Hindi mabibigyan ng klasipikasyon dahil sa kawalan ng data.
	Paglanghap (Mist)	Hindi mabibigyan ng klasipikasyon dahil sa kawalan ng data.
Paninira ng Balat / Pagiging Mahapdi		Hindi mabibigyan ng klasipikasyon dahil sa kawalan ng data.
Malubhang pinsala at iritasyon sa mata		Dahil Class 2A ang Normal Hexane, Ethanol, 1-Propanol, Propane-2-ol at ang kabuuang Class 2A na Konsentrasyon ng Sangkap ay mas mataas sa Limit ng Konsentrasyon (10%), naikategorya ito na Class 2A.
Pagselan ng Mga Organ sa Paghinga		Hindi mabigyan ng klasipikasyon dahil walang data.
Pagselan ng Balat		Hindi mabigyan ng klasipikasyon dahil walang data.
Mutagenicity para sa Reproductive Cells		Dahil Class 1B ang Ethanol at mas mataas sa Limit ng Konsentrasyon (0.1%), naikategorya ito na Class 1B.
Pagiging Nakakakanser		Dahil Class 2 ang 1-propanol at mas mataas sa Limit ng Konsentrasyon (1.0%), naikategorya na Class 2 ang Pagiging Nakakakanser.
Reproductive Toxicity		Dahil Class 1A ang Ethanol at mas mataas sa Limit ng Konsentrasyon (0.3%), naikategorya na Class 1A ang reproductive toxicity.
Pagiging Nakalalason sa Tukoy na Target Organ (Minsanang Pagkalantad)		<p>Ang mga Class 3 na sangkap (Iritasyon sa Daanan ng Hininga) ay 2-methyl pentane, 3-methyl pentane, normal hexane, ethanol, 1-propanol, propane-2-ol, at dahil sa ang kabuuang Konsentrasyon ng Sangkap ay mas mataas sa Limit ng Konsentrasyon (20%), naikategorya ito na Class 3 (Iritasyon sa Daanan ng Hininga). Hindi humingi ng mga opinyon ng dalubhasa nang maghatol ng Class 3 (Iritasyon sa</p> <p>Ang mga Class 3 na sangkap (Nakamamanhid na Epekto) ay 2-methyl pentane, 3-methyl pentane, 2,2-dimethyl butane, 2,3-dimethyl butane, normal hexane, ethanol, at 1 propanol, at dahil sa ang kabuuang Konsentrasyon ng Sangkap ay mas mataas sa Limit ng Konsentrasyon (20%) naikategorya ito na Class 3 (Nakamamanhid na Epekto). Hindi humingi ng mga opinyon ng dalubhasa nang maghatol ng Class 3 (Nakamamanhid na Epekto).</p>
Pagiging Nakalalason sa Tukoy na Target Organ (Paulit-ulit na Pagkakalantad)		<p>Ang Class 1 na sangkap na may Konsentrasyon ng Sangkap na lumalagpas sa Limit ng Konsentrasyon (10.0%) ay Ethanol (Atay), kung kaya naikategorya ito na Class 1 (Atay).</p> <p>Dahil Normal Hexane (Sentrong Nerbiyos at Peripheral na Nerbiyos) ang Class 1 na Sangkap na may Konsentrasyon ng Sangkap na nasa Limit ng Konsentrasyon ($\geq 1.0\%$, $< 10\%$), naikategorya ito na Class 2 (Sentrong Nerbiyos at Peripheral na Nerbiyos).</p> <p>Dahil Ethanol (Atay) ang Class 2 na sangkap na may Konsentrasyon ng Sangkap na lumalagpas sa Limit ng Konsentrasyon (10.0%), naikategorya ito na Class 2 (Nerbiyos). (Ang mga Target Organ (Sentrong Nerbiyos at Peripheral na Nerbiyos) ay kabilang sa Target Organ (Nerbiyos).</p>

Pagiging Nakalalason sa Mga
Bahagi ng Katawan sa
Paghinga

Dahil Class 1 ang 2-methyl pentane, 3-methyl pentane, 2,2-dimethyl butane, 2,3-dimethyl butane, at normal hexane, ang kabuuang Konsentrasyon ng Sangkap ay higit pa sa 10%, at ang kinetic viscosity coefficient ng produktong ito sa 40 deg C ay 20.5 mm² / s o mas mababa pa, hinatulan namin ng Class 1 na kategorya upang maging sapat.

12. Impormasyon sa Mga Epekto sa Kapaligiran

Matinding makalason sa
tubig na kapaligiran

Dahil Class 2 ang Normal Hexane, at ang Kabuuang Konsentrasyon ng Konsentrasyon x 10 ng Class 2 ay lumalagpas sa Limit ng Konsentrasyon (25%), naikategorya ito na Class 3. (Nagtataglay ng 80% na hindi mauuring sangkap.)

Palagiang nakalalason sa
tubig na kapaligiran

Hindi mabibigyan ng klasipikasyon dahil sa kawalan ng data.

13. Mga dapat ingatan sa oras ng pagtatapon

Natirang Basura

Bago itapon, magsagawa ng mga hakbang para sa detoxification, kaligtasan at pag-neutralize hangga't maaari, at pababain ang antas ng peligro at pagiging nakalalason.
Dapat na sumunod sa lokal na batas ang basura.

Mga kontaminadong lalagyan
at balot

Kung paano i-recycle ang mga lalagyan at linisin, sundin ang mga lokal na batas, at wastong pagtatapon.

Kapag nagtatapon ng mga walang laman na lalagyan, tiyakin na hindi ganap na walang laman ang mga ito.

14. Mga Dapat Ingatan sa Pagbibiyah

Mga Alituntuning Internasyonal	Information on Marine Controls	Sundin ang mga probisyon ng IMO.
	UN No.	1993
	Wastong Pangalan sa Pagpapadala	LUMILYAB NA LIKIDO, N.O.S.
	Class	3
	Packing Group	II
	Nakadudumi sa Tubig	Hindi Naaangkop
	Impormasyon sa mga batas sa aircraft	Sundin ang mga probisyon ng ICAO / IATA
	UN No.	1993
	Wastong Pangalan sa Pagpapadala	Lumiliyab na likido, n.o.s.
	Class	3
	Packing Group	II

Mga Espesyal na Pamamaraang Pangkaligtasan	Bago ibiyah, tiyakin na hindi napinsala, nasira, o tumatagas ang lalagyan. Dapat maikarga ang mga mapanganib na produkto na hindi babagsak, o hindi babagsak ang mga transport container na naglalaman ng mapanganib na produkto, matutumba, o mapipinsala. Tiyakin na hindi mangyayari ang pagtumba, pagbanga, pagkaskas, pagkapipi, pagtagas atbp. habang ibinabiyah. Kapag ibinabiyah ang produkto, iwasan ang direktang pagkalantad sa sikat ng araw, iwasan ang pagkapinsala, pagkasira, at pagtagas ng mga lalagyan kapag ikinakarga ang produkto at tiyakin na isinagawa ang mga hakbang upang maiwasan na bumagsak ang kargo. Sakaling magkaroon ng sakuna dahil sa isang aksidente habang ibinabiyah, iulat sa pinakamalapit na istasyon ng bumbero at iba pang kaugnay na ahensiya.
--	---

15. Mga Naaangkop na Batas at Ordinansa

Toxic Substances and Hazardous and Nuclear Wastes Control Act of 1990 (Republic Act 6969):
Nakalista bilang PICCS (lahat ng sangkap)

DENR Administrative Order DAO 1992-29 Ipinapatupad ang Mga Alituntunin at Batas ng Republic Act 6969:
Hindi naaangkop

Ang Occupational Safety and Health Standards (OSHS), 1978:

Rule 1070, Table 8 (Mga Threshold Limit Value para sa Mga Contaminant na Dala ng Hangin) (Normal Hexane, Ethanol, 1-Propanol, Propane-2-ol)

Implementing Rules and Regulations [IRR] ng Republic Act No. 9514, Na Kilala Bilang "FIRE CODE OF THE PHILIPPINES of 2008" (PD 1185): Lumiyab na Likido, Class I-B

16. Iba Pang Impormasyon

Impormasyon sa pakikipag-

Olympus Corporation

Mga Sanggunian

NITE GHS Classification Public Announcement Data

EU CLP Regulation Annex VI

CHEMWATCH Corp. GHS-MSDS

RTECS (2006 - 2008)

Olympus Corporation Product MSDS HYPER CLEAN
EE-6310 (Sanggunian Blg. PW9116U5 P002)
(Binago 2013/11/30)

Ang mga nailarawang nilalaman ay batay sa pangkalahatang nakahandang impormasyon at in-house na impormasyon. Hindi ito nangangahulugan na kasama ang lahat ng impormasyong kemikal at teknikal sa kasalukuyan. Kung kaya, walang ginawang garantiya. Dagdag pa, ang ibinagay na mga bagay na dapat ingatan ay para lamang sa normal na paggamit. Tandaan na ang mga dapat ingatan ay maaaring hindi naman naaangkop para sa espesyal na paggamit.

Impormasyon ng

Tagapamahagi